


*Iniimbitahan namin kayo na magdasal ng Isang Dekada ng Fatima Chaplet bilang parangal sa ating Ina sa Langit.*

*Makikita sa iba't ibang mga wika sa*
[www.fatimaprayers.com](http://www.fatimaprayers.com)

## Mga Tanong at mga Sagot

**1. Ano ang basihan ng Chaplet ng Fatima?**

Ang Chaplet ng Fatima ay nakabase sa Pitong mga Dasal ng Fatima na itinuro sa Mga Batang nakakita sa Birhen ng Fatima.

**2. Bakit ko kailangang dasalin ang Pitong mga Dasal sa Fatima?**

Sapagkat inimbitahan tayong magdasal ng mga panalanging ito ng Ina ng Diyos, ng Anghel ng Kapayapaan, at ng ating Panginoon

**3. Bakit kailangang gamitin ang "Siyam na Hakbang" na pormat sa Chaplet ng Fatima?**

Ang "Siyam na Hakbang" na pormat ay base sa Rosaryo bilang gabay sa pagdadasal ng Chaplet ng Fatima. Ito ay isa lamang sa maraming mga posibilidad. Ikaw ay malugod na inaaanyayahang magdasal ng mga panalangin ng Fatima sa kahit paanong paraang naisin mo.

**4. Bakit naiiba ang ilan sa mga Dasal ng Fatima kaysa sa mga nalalaman ko?**

Sa panahong ito, walang opisyal na bersyon ang mga Dasal ng Fatima. Ang karamihan ng mga dasal ay bahagyang nag-iiba-iba dahil sa pagkakaiba ng interpretasyon at mga dekada ng ebolusyon. Bagamat malaki ang pagsisikap na ginawa upang mapangalagaan ang mensahe at ganap na kawastuan ng mga panalanging ito, maari ninyong gamitin ang anumang pagbabago na mas gusto ninyo.

*Pakitandaan lamang na HINDI kami tumatanggap o nanghihingi ng pampinansyal na donasyon para sa Ministry Outreach na ito*

# ANG CHAPLET NG FATIMA*

## Bilang Parangal sa Ating Ina sa Langit



Ang ating Mahal na Birhen ng Fatima

•

Ang Ating Mahal na Birhen ng Santo Rosaryo

© [www.fatimaprayers.com](http://www.fatimaprayers.com)
*Golden Doorways*

# ANG SIYAM NA MGA HAKBANG SA PAGDADASAL NG ISANG DEKADA NG CHAPLET NG FATIMA

**Hakbang 1:** Magsimula sa PANGUNGURUS. Habang tangan ang Krus dasalin ang Panalangin ng Sakripisyo:

*O Hesus, ito po ay para sa pagmamahal sa Iyo, para sa pagbabalik-loob ng mga makasalanan, at bilang reparasyon para sa mga kasalanan na nagawa laban sa Kalinis-linisang Puso ni Maria...(na ako ay nagdadasal*).*

**Hakbang 2:** Sa susunod na malaking butil dasalin ang Panalangin ng Kapatawaran:

*Diyos ko, ako po ay naniniwala, ako po ay sumasamba, ako po ay nagtitiwala, at nagmamahal sa Inyo! Nanghihingi po ako ng kapatawaran para sa lahat ng mga hindi nanininiwala, hindi sumasamba, hindi nagtitiwala, at hindi nagmamahal sa Inyo.*

**Hakbang 3:** Sa unang maliit na butil dasalin ang Panalangin ng Eukaristiko:

*Santisimo Trinidad, sinasamba ko Kayo! Diyos ko, Diyos ko, minamahal ko Kayo sa Kabanal-banalang Sakramento.*

*kahaliling pagsasalita
Para sa pribadong debosyon lamang.



**Hakbang 4:** Sa ikalawang maliit na butil dasalin ang Panalangin ng Pagbabalik-loob:

*Sa pamamagitan ng iyong puro at Kalinis-linisang Pagkakapaglihi, O Maria, kamtin mo ang pagbabagong-loob ng Rusya, Espanya, Portugal, Europa at ng buong mundo!*

**Hakbang 5:** Sa ikatlong maliit na butil dasalin ang Panalangin ng Kaligtasan:

Katamis-tamisang puso ni Maria, iligtas mo po ang Rusya, Espanya, Portugal, Europa at ang buong mundo.

**Hakbang 6:** Sa susunod na malaking butil dasalin ang Panalangin ng Kapatawaran:

*Diyos ko, ako po ay naniniwala, ako po ay sumasamba, ako po ay nagtitiwala, at nagmamahal sa Inyo! Nanghihingi po ako ng tawad para sa lahat ng mga hindi nanininiwala, hindi sumasamba, hindi nagtitiwala, at hindi nagmamahal sa Inyo.*

Ang Isang Dekada ng Chaplet ng Fatima

Ang pahintulot ay ibinibigay sa pagkopya ng Chaplet na ito nang walang pagbabago,walang bayad.



**Hakbang 7:** Sa bawat isa sa susunod na maliit na mga butil dasalin ang Panalangin ng Eukaristiko:

*Santisimo Trinidad, sinasamba Ko Kayo! Diyos ko, Diyos ko, minamahal Ko po Kayo sa Kabanal-banalang Sakramento.*

**Hakbang 8:** Sa kadena na nag-uugpong dasalin ang Panalangin ng Dekada:

*O Hesus Ko, patawarin mo po ang aming mga sala, iligtas mo po kami sa apoy ng impiyerno. Akayin mo po ang lahat ng mga kaluluwa patungo sa Langit, at tulungan lalung-lalo na yoong mga higit na nangangailangan ng [Inyong Awa].*

**Hakbang 9:** Sa hibilya dasalin ang Panalangin ng Anghel:

*O Santisimo Trinidad, Ama, Anak at Espiritu Santo, labis ko po Kayong sinasamba. Inaalay ko po sa Inyo ang pinakamamahal na Katawan, Dugo, Kaluluwa at Pagka-Diyos ni Hesu Kristo na nasa lahat ng mga tabernakulo sa buong mundo, bilang reparasyon para sa mga kalapastanganan, mga sakrilehiyo, at pagwawalang-bahala na kung saan Siya ay nasasaktan. Sa pamamagitan ng walang-hanggang mga biyaya ng Kasanto-santuhang Puso ni Hesus at Kalinis-linisang Puso ni Maria ako po ay nagmamakaawa para sa pagbabalik-loob ng mga kahabag-habag na mga makasalanan. Amen.*

© www.fatimaprayers.com
Golden Doorways